

Gabay ng Mga Employer para sa Ordinansa tungkol sa Bayad na Pagliban ng Magulang sa San Francisco (San Francisco Paid Parental Leave)

Hakbang 1

Abisuhan ang Mga Empleyado

I-post ang taunang abiso ng OLSE.

Ilagay sa handbook ng empleyado ang impormasyon tungkol sa supplemental pay sa ilalim ng SF Paid Parental Leave Ordinance (SF PPLO).

Hakbang 2

Bigyan ng SF Paid Parental Leave Form (SF PPL Form) ang Empleyado

Available ang form sa www.sfgov.org/pplo.

Bigyan ng kopya ang inyong empleyado kapag nagtanong sila tungkol sa paglibanng magulang o kapag sinabi nila sa inyong magsisilang sila ng sanggol, mag-aampon, o mangangalaga (foster) ng bata. Kung may mga patakaran ang kumpanya tungkol sa bakasyon o PTO, talakayin ngayon ang mga iyon kasama ng empleyado.

Hakbang 3

Tukuyin ang Pagiging Kuwalipikado ng Empleyado

Kuwalipikado ang empleyado kung sila ay: (1) nagsimulang magtrabaho sa inyo sa loob ng hindi bababa sa 180 araw bago ang leave; (2) nagtatrabaho sa loob ng hindi bababa sa 8 oras at 40% ng kabuuan nilang oras ng paggawa sa San Francisco kada linggo; (3) nag-apply at naging kuwalipikado para sa EDD Paid Family Leave.

Hakbang 4

Kalkulahin at Bayaran ang Supplemental na Kompensasyon

Kakailanganin ninyo ang Mga Karaniwang Lingguhang Sahod at halaga ng Lingguhang Benepisyo sa EDD ng empleyado. Ilalagay ang impormasyong ito sa nakumpletong SF PPL Form at EDD Notice of Computation, na matatanggap ng empleyado mula sa EDD.

Available ang mga tagubilin sa kalkulasyon sa website ng OLSE.

Tandaang Magtabi ng Mga Rekord, at Ipinagbabawal ang Pagganti sa Ilalim ng Ordinansa

Mangyaring makipag-ugnayan sa Opisina ng Pagpapatupad sa Pamantayan sa Paggawa (Office of Labor Standards Enforcement) sa pplo@sfgov.org o sa (415) 554-4190 kung mayroon pa kayong anumang tanong o online sa www.sfgov.org/pplo.